Pangangasiwa ng Taong may Dementia

(Dementia Conservatorship)

Probate Code Section 2356.5

Ano ang Dementia Conservatorship?

Ang Dementia Conservatorship ay kapag nagtalaga ang isang hukom ng isang tao para magpasiya kung saan maninirahan ang isang taong may dementia. Ang taong itinalaga ng hukom ay tinatawag na conservator.

Ano ang kahulugan ng Dementia?

Ang Probate Court ay tumutukoy sa kahulugan ng dementia sa pinakahuling inilathalang edisyon ng Diagnostic and Statistical Manual of Mental Disorders (DSM). Ang DSM-IV ay nagsasaad na ang mahahalagang katangian ng dementia ay ang pagkakaroon ng hadlang sa pagganap ng memorya at isa o higit sa mga sumusunod: aphasia (pagkakaroon ng hadlang sa pagganap ukol sa mga kasanayan sa wika), apraxia (pagkakaroon ng hadlang sa mga pagkilos), agnosia (kawalan ng kakayahang makilala ang mga bagay) o kahinaan sa pagganap (tulad ng abstraktong pag-iisip).

Ang dementia ay maaaring kaugnay sa sakit na Alzheimer, sakit na Parkinson, sakit na Huntington o HIV, bukod sa ibang mga kondisyon.

Saan ako may karapatang manirahan kung inilagay ako sa Dementia Conservatorship?

- May karapatan kang tumanggap ng tulong sa isang lugar na may lubos na pag-uugnayan na angkop sa iyong mga pangangailangan.
- Ang isand dementia conservator ay may karapatang ilagay ka sa (1) isang protektadong perimetrong tirahang pasilidad ng pangangalaga para sa matanda o (2) isang protektadong pasilidad ng pag-aalaga na espesyalista sa pag-aalaga ng mga taong may dementia.
- **Hindi** ka puwedeng italaga sa isang Mental Health Rehabilitation Center o sa isang Institution for Mental Disease (IMD).

Kailan ako ilalagay sa Dementia Conservatorship?

Ang isang hukuman ay maaaring magtalaga ng isang dementia conservator kapag ipinasiya ang lahat ng mga sumusunod mula sa malinaw at kapani-paniwalang ebidensiya.

- Ikaw ay nasuring may dementia.
- Ipinasiya na wala kang kakayahang magbigay ng may-kaalamang pahintulot sa paglalagay sa inirerekomendang pasilidad.
- Ipinasiya na ikaw ay may isa o higit na kakulangan sa pagganap ng pangkaisipan na nakakahadlang nang malaki sa iyong kakayahang maintindihan at madama at mga bunga ng iyong mga ginagawa.
- Kailangan mo ng paglalagay at makikinabang ka rito.
- Ipinasiya ng hukuman na ito ang pinakamaluwag na paglalagay na angkop sa iyong mga pangangailangan.



Anong ibang mga karapatan ang maaaring mawala sa akin sa ilalim ng Dementia Conservatorship?

Ang dementia conservator ay maaaring mag-awtorisa ng pangangasiwa ng angkop na mga gamot. Kailangang ipasiya ng isang hukuman ang lahat ng sumusunod sa pamamagitan ng malinaw at kapani-paniwalang ebidensiya.

- Ang conservatee ay may dementia.
- Ang conservatee ay walang kakayahang magbigay ng may-kaalamang pahintulot sa mga gamot.
- Ang conservatee ay may isa o higit na kakulangan sa pagganap na pangkaisipan na nakakahadlang nang malaki sa kakayahan ng tao na maintindihan at madama ang mga bunga ng kanyang mga ginagawa.
- Ang conservatee ay makikinabang sa mga gamot gaya ng ipinakita ng isang doktor o sikologo (psychologist).